BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

**PAHAYAG SA MEDIA**

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Nobyembre 10, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt - 415.517.4147

# Distrito ng Hangin, makakatanggap ng grant mula sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng Estados Unidos para sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad ng East Oakland

*Pakikipagtulungan sa Communities for a Better Environment (CBE), makakatulong sa pagsusulong ng pagsubaybay ng hangin at katarungan sa kapaligiran*

**SAN FRANCISCO –** Nakatanggap ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng $298,114 na grant mula sa EPA ng U.S. para mapahusay ang pagsubaybay sa kalidad ng hangin sa Bay Area.

Makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa Communities for a Better Environment para maipatupad ang proyektong pinopondohan ng grant na ito sa East Oakland, na isang komunidad na may dense na populasyon at nahaharap sa matinding polusyon sa hangin.

“Nasasabik kaming makipagtulungan sa komunidad ng East Oakland at simulang magtrabaho sa proyektong ito, na magdidirekta ng mahahalagang instrumento at resource sa kung saan pinakakinakailangan ang mga ito,” sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Humahanga kami sa pagsisikap ng EPA na isulong ang katarungan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsuporta ng pagsubaybay ng hangin sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon, at dati nang marginalized at underserved.”

"Nahaharap ang mga komunidad sa frontline, gaya ng East Oakland, sa matitinding hamon na nagmumula sa mga kasalukuyan at dati nang divestment kaugnay ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa lahat ng aspeto sa paggawa ng patakaran at panuntunan,” sabi ni Esther Goolsby, ang co-director ng Communities for a Better Environment sa Northern California. “Ang ating mga komunidad ang pinakanapinsala ng mga pasyang ito, at tayo rin ang pinakaapektado ng tuluy-tuloy na banta ng polusyong dulot ng mga pabrika at ng mga tumitinding problema kaugnay ng klima. Tinutugunan ng proyektong ito ang kritikal na pangangailangang ipaalam sa mga residente ng East Oakland kung ano ang mayroon sa hinihinga nating hangin araw-araw, pati ang mga epekto nito sa ating kalusugan at kapaligiran. Nasasabik na kaming makipagtulungan sa Distrito ng Hangin sa proyektong ito at na tulungan ang East Oakland na isakatuparan ang mga hangarin nito sa pamamagitan ng sama-samang pagbabago tungo sa ligtas na kinabukasang malayo sa sakit."

Sa pamamagitan ng grant, magagawa ng Distrito ng Hangin na gumamit ng van sa pagsubaybay ng hangin para magsagawa ng mga pantuklas na pagsukat ng mga pollutant at magsagawa ng mga pag-aaral. Bukod pa rito, may ide-deploy na network ng mga sensor ng hangin at unit para sa pag-

filter sa mga miyembro ng komunidad at paaralan, na sasanayin sa pagpapakahulugan ng data at pagtugon sa mga emergency sa kalidad ng hangin, gaya ng mga pangyayaring may usok na dulot ng wildfire.

Ang grant ay bahagi ng pinakamalaking investment para sa pagsubaybay ng hangin sa komunidad sa kasaysayan ng EPA, at pinopondohan sa pamamagitan ng Mga Plano sa Klima at Ekonomiya ni President Biden at ng inisyatiba ng Justice40. Ginawa ng Administrasyong Biden-Harris ang inisyatiba ng Justice40 para harapin at tugunan ang ilang dekada nang underinvestment sa mga disadvantaged na komunidad sa pamamagitan ng pagdidirekta ng mga resource sa mga komunidad na pinakaapektado ng pagbabago ng klima, polusyon, at mga panganib sa kapaligiran.

Ang Communities for a Better Environment ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga community of color at komunidad na may mababang kita sa California pagdating sa pagkamit ng kalusugan at katarungan sa kapaligiran. Nagagawa ito sa pamamagitan ng pag-iwas sa at pagbabawas ng polusyon at pagbuo ng maiinam at sustainable na komunidad at lugar na hindi nakakasama sa kapaligiran. Matuto tungkol sa mga pagsisikap ng CBE sa pamamagitan ng Instagram, Twitter at Facebook.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*